



**WA Cares Fund
Mga Karapatan at
Responsibilidad
WA Cares Fund
Rights and Responsibilities**



Pangalan ng Benepisyaryo

Numero ng ID ng WA Cares

Mga Karapatan Mo	Ang Iyong mga Responsibilidad
<p>Ang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyaryo ay nangangahulugan na ikaw ay aprubado para sa alinman sa mga serbisyo at suporta na ibinibigay ng WA Cares Fund, at maaari mong piliin kung alin sa mga ito ang gusto mong gamitin.</p> <p>May karapatan kang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Matrato nang may dignidad, respeto, at walang diskriminasyon. • Pumili ng mga aprubadong serbisyo na tumutugon sa iyong mga pangangailangan, kapag kwalipikado na. • Pumili o magpalit ng mga provider ng Mga Serbisyo at Suporta para sa Pangmatagalang Pangangalaga. • Makatanggap ng abiso tungkol sa pagpapasiya sa pagiging kwalipikado. • Makatanggap ng nakasulat na materyal sa paraang mas gusto mo. • Makatanggap ng nakasulat na materyal sa wikang mas gusto mo. • Magkaroon ng mga serbisyo ng interpreter na ibinibigay nang walang bayad. • Maghain ng reklamo nang walang takot na mapahamak. • Magtalaga o mag-alis ng awtorisadong gumagamit sa iyong account. • Tumangging sumagot sa mga tanong o lumahok sa proseso ng pagpapasiya sa pagiging kwalipikado. Maaari itong makaapekto sa mga resulta ng pagiging kwalipikado at sa pag-access sa mga benepisyaryo. • Ilapela ang mga pagpapasiya na ginawa ng departamento. 	<p>Responsibilidad mong:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pumili ng isa o higit pang provider ng Mga Serbisyo at Suporta para sa Pangmatagalang Pangangalaga upang magbigay ng nais na mga aprubadong serbisyo. • Makipagnegosasyon sa paghahatid ng serbisyo at mga bayarin sa isa o higit pang provider ng Mga Serbisyo at Suporta para sa Pangmatagalang Pangangalaga sa loob ng mga parameter ng mga aprubadong serbisyo. • Aprubahan o tanggihan ang mga paunang awtorisasyon bago ihatid ang isang serbisyo ng isang provider ng Mga Serbisyo at Suporta para sa Pangmatagalang Pangangalaga. • Ipagbigay-alam sa departamento ang tungkol sa isang legal na kinatawan na kikilos para sa iyo. • Abisuhan ang departamento tungkol sa mga pagbabago sa tirahan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, o pangalan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo mula sa pagbabago. • Magtalaga ng mga awtorisadong gumagamit sa iyong account, kung ninanais. • Tukuyin ang mga responsibilidad ng sinumang awtorisadong gumagamit. • Magbigay ng isang ligtas na kapaligiran para sa mga provider ng Mga Serbisyo at Suporta para sa Pangmatagalang Pangangalaga na naghahatid ng mga serbisyo; at kung natanggap, panatilihin pribado ang mga resulta ng background check ng provider alinsunod sa kabanata 43.43 RCW. • Magsumite ng mga kinakailangang dokumentasyon sa WA Cares o sa mga provider kapag hiniling.
Mga Serbisyo sa Pagpaparehistro ng Botante	
<p>Ang Batas ng Pambansang Pagpaparehistro ng Botante ng 1993 (National Voter Registration Act of 1993) ay nag-uutos sa lahat ng estado na magbigay sa botante ng tulong sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng kanilang mga tanggapan para sa tulong sa publiko. Ang pag-a-apply para magparehistro o pagtanggap magparehistro para bumoto ay hindi makakaapekto sa mga serbisyo o sa mga benepisyaryong makukuha mo. Kung gusto mo ng tulong sa pagsagot sa form ng pagpaparehistro ng botante, tutulungan ka namin. Ang iyong desisyon na magparehistro o tumangging magparehistro para bumoto ay pananatilihin kumpidensyal at gagamitin lamang para sa pagpaparehistro ng botante.</p> <p>Kung naniniwala ka na may nakialam sa iyong karapatang magparehistro o tumangging magparehistro para bumoto, sa iyong karapatan sa privacy sa pagpapasya kung magpaparehistro o sa pag-a-apply para magparehistro para bumoto, o sa iyong karapatan na pumili ng iyong sariling partido pulitikal o kagustuhang pulitikal, maaari kang maghain ng reklamo sa:</p> <p>Washington State Elections Office PO Box 40229 Olympia, WA 98504 – 0229 1 (800) 448-4881</p>	

Tulong

Makipag-ugnayan sa WA Cares para sa tulong: 1-884-CARE4WA (844-227-3492).

Lagda ng Benepisyaryo o Legal na Kinatawan

Sa pagpirma, kinikilala mo na natanggap mo ang iyong mga karapatan at responsibilidad.

Lagda ng Benepisyaryo

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Lagda ng Legal na Kinatawan
(kung naaangkop)

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Lagda ng Saksi
(kung nilagdaan ng isang "X")

Petsa

Nakalimbag na Pangalan

Paunawa para sa mga customer at empleyado (Titulo VI at VII): Ang Washington State Department of Social and Health Services ay isang employer na nagbibigay ng pantay na pagkakataon at hindi nagdidiskrimina sa anumang larangan ng pagtatrabaho, mga programa, o serbisyo nito batay sa edad, kasarian, oryentasyong sekswal, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian/pagpapahayag, estado sibil, lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon o mga paniniwala, kaakibat na pampulitika, katayuan sa militar, marangal na na-discharge na beterano, Panahon ng Vietnam, kamakailang nahiwalay o iba pang protektadong katayuan ng beterano, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip, pisikal o ang paggamit ng isang sinanay na asong gabay o service animal ng isang taong may kapansanan, pantay na sahod o impormasyong genetiko.